

## **Para Sa Mga Residenteng Dayuhan: Mga Katanungan Tungkol Sa Basic Resident Registration Network (Juki Net)**

Q1. Ano ba ang Juki Net (Basic Resident Registration Network)?

A1. Ang Juki Net (Basic Resident Registration Network System) ay isang sistema upang mapabuti ang kombinyensya ng mga residente at makatulong sa rasyonalisasyon ng pangagasiwa ng pambansa at lokal na pamahalaan, na maaaring mag kumpirma ng pagkakakilanlan ng residente gamit ang naka-network na Basic Resident Registration\* sa buong Japan.

Magsisimula ang operasyon ng Juki Net sa Hulyo 8, 2013 para sa mga residenteng dayuhan.

※ Ang Basic Resident Registration ay batayan sa iba't ibang mga serbisyong pang-administratibo para sa mga residente. Ito ay binuo na certificate of residence na nakalarawan ang pangalan, kaarawan, kasarian, tirahan, relasyon sa pinuno ng sambahayan atbp. Ginagamit ito sa iba't ibang serbisyong pang administratibo para sa mga residente tulad ng pag-bigay ng notarisasyon sa relasyon ng sambahayan sa pag isyu ng kopya ng residence certificate atbp.

Q2. Ano ang kailangan iproseso sa pagsimula ng operasyon ng Juki Net (Basic Resident Registration Network System)?

A2. Wala ng kailangan iproseso ang mga residenteng dayuhan sa pagsimula ng Juki Net.

Gayunpaman, sa pag simula ng operasyon ng Juki Net, isasaad na sa residence certificate ng mga residenteng dayuhan ang resident register code※, at iaabiso ang resident register code sa tao mismo ng munisipalidad kung saan naka residente mula Hulyo 8, 2013. Mangyaring itabi at itago ang resident register code dahil maaaring hanapin ito sa pagproseso sa ibang administratibo.

※ Tingnan ang Q6 at Q7 tungkol sa resident register code.

Q3. Ano ang mga maaaring gawin gamit ang Juki Net (Basic Resident Registration Network)?

A3. Sa pag-gamit ng Juki Net, iba't ibang mga pakinabang ang naibigay sa mga residente maliban sa ilang mga organisasyon. ※Yamatsuri Machi Fukushima (nitong Marso 1, 2013)

○ Pinasimple ang pag-proseso sa mga administratibong ahensiya.

Sa itinakdang batas ng basic resident registration, binibigay ang impormasyon sa pagkumpirma sa pagkakakilanlan sa pagproseso sa mga pambansang administratibong ahensiya o lokal na pamahalaan. Dahil dito, mapapadali ang pagproseso at maaari ng hindi mag sumite ng residence certificate sa ilang mga administratibong ahensiya atbp.

○ Ang pag-lawak ng lugar para sa pag-isyu ng residence certificate.

Ang residence certificate ay naiisyu lamang sa munisipalidad kung saan naka residente, ngunit maaari ng makakuha ng residence certificate sa ibang munisipalidad sa pamamagitan ng pag-papakita ng Basic Resident Registration Card (Juki Card), Residence Card, Special

Permanent Resident Certificate, atbp.

○Bukod pa dito, ang mga may Juki card (Basic Resident Registration Card) ay maaaring may eksepsyon sa pagproseso ng pag-lipat o mag-proseso gamit ang online atbp. (Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang "Mga Katanungan tungkol sa Basic Resident Registration Card (Juki Card)")

※Para sa ibang impormasyon tignan ang [「Mga Katanungan tungkol sa Basic Resident Registration Card \(Juki Card\)」](#)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Basic Resident Registration Network (Juki Net), tignan ang [「Basic Resident Registration Network \(Juki Net\) Website」](#) (Japanese) .

Q4 Anong mga impormasyon ang nakalagay sa Juki Net (Basic Resident Registration Network)?

A4 Ang mga impormasyon na nakalagay sa Juki Net ay ang pangalan, palayaw (para lamang sa mga nagrehistro ng palayaw na nakatala sa kanilang Residence certificate), address, kaarawan, kasarian, resident register code at mga binagong impormasyon. Ito ay ipinasya ng batas ng Basic Resident Registration.

Q5 Sigurado ba ang proteksyon ng mga personal na impormasyon sa Juki Net (Basic Resident Registration Network)?

A5 Iba't ibang hakbang ang isinasagawa upang matiyak ang suguridad ng sistema ng Juki net, tulad ng pagpapanatili at paglimita ng pag-gamit ng impormasyon, pag-iwas sa iligal na pag-gamit sa loob at pagpigil sa pang-himasok mula sa labas. Wala pang nagaganap na insidente tulad ng pag labas ng mga impormasyon o pag-hack ng Juki Net mula ng nagsimula ang operasyon noong Agosto 2002.

Q6 Ano ba ang Resident Register Code?

A6 Ang Resident Register Code ay isang random na 11-digit na numero na kinakailangan sa pag-kumpirma ng pagkakakilanlan ng residente gamit ang naka-network na Juki Net (Basic Resident Registration Network). Bukod dito, maaari itong baguhin sa kahilingan ng mga residente anumang oras.

Q7 Ginagamit din ba ang Resident Register Code sa mga pribadong institusyon?

A7 Sa batas ng Basic Resident Registration, ipinagbabawal ang mga pribadong institusyon na humiling ng Resident Register Code mula sa perspektibo ng regulasyon ng pag-gamit nito. Lalong ipinagbawal ang humiling ng abiso o gumawa ng database na naglalaman ng mga impormasyon ng Resident Register Code. Sa oras na paglabag nito ay mapaparusahan ayon sa desisyon ng gobernador ng perfectual at mahigpit naming ipagbabawal ang pag-gamit ng

pribadong institusyon.

※Para sa ibang impormasyon tignan ang [「Mga Katanungan tungkol sa Basic Resident Registration Card \(Juki Card\)」](#)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Basic Resident Registration Network (Juki Net), tignan ang [「Basic Resident Registration Network \(Juki Net\) Website」](#) (Japanese) .